Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION X – NORTHERN MINDANAO
**SCHOOLS DIVISION OF OZAMIZ CITY**

Hulyo 31, 2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 253 s. 2025

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

**Para sa:** Pangalawang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan
Chief Education Supervisors (CID and SGOD)
Tagapamahala ng mga Paaralan
Elementarya at Sekundarya
Pribado at Pampubliko

1. Ang Buwan ng Wikang Pambansa ay taunang ipinagdiriwang tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 104, s.1997.

2. Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 36-06 Serye 2025 na nagtatakda ng temang ***"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa*** at naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2025 ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Hinati sa apat (4) na lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| 3–9 Agosto | Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima |
| 10–16 Agosto | Wikang Pangkasarian |
| 17–23 Agosto | Ang Pangangalaga sa Katutubong Wika at Kaalaman bilang Pangangalaga sa Kalikasan |
| 24–30 Agosto | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag |

5. Kalakip ay ang kopya ng tema sa apat (4) na linggo sa bawat antas, mga mungkahing gawain para sa patimpalak, at ang poster para sa gagawing tarpolin.

6. Inaasahan ang lahat ng mga paaralan na magsabit ng tarpolin at magpaskil ng iba't ibang gawain na naaayon sa tema para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa *bulletin board.*

7. Hinihikayat ang lahat ng mga guro at mga kawani ng sangay na ito na magsuot ng kasuotang Pilipino tuwing Lunes sa buong buwan ng Agosto, 2025.

8. Inaasahan ang mga punong guro/ tagapamahala ng paaralan na magsumite ng ulat salaysay kalakip ang mga larawan sa lahat ng mga gawaing magaganap sa buong buwang pagdiriwang bago sumapit ang Setyembre 5, 2025 sa *email add* na ito rosemary.abapo@deped.gov.ph.

9. Malugod na hinihikayat ng tanggapang ito ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawaing kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

10. Para sa iba pang detalye at karagdagang impormasyon, mangyaring makipag - ugnayan kay Rose Mary R. Abapo, Pansangay na Tagamasid sa Filipino.

11. Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**NIMFA R. LAGO, CESO VI**
Pangalawang Tagapamanihalang Pansangay
OIC, Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay

Encl: As stated

Reference: *Buwan ng Wikang Pambansa 2025*
To be indicated in the Perpetual index
under the following subjects:

KURIKULUM FILIPINO PAARALAN

RMRA/DM- *Buwan ng Wikang Pambansa 2025*
_______Hulyo, 2025

*Kalakip Blg. 01*

<table>
<tr><th rowspan="2">Linggo at tema</th><th colspan="4">Antas at mga Gawain</th></tr>
<tr><th>K-3</th><th>Baitang 4-6</th><th>Baitang 7-10</th><th>Baitang 11-12</th></tr>
<tr><td>3–9 Agosto</td><td colspan="2">Pagtitipon ng mga salita hinggil sa panahon, klima, at kaugnay na paksa (Halimbawa:Maulan, Maaraw, Makulimlim, at iba pa) na isesenyas sa Filipino Sign Language (FSL) bilang pagpapakilala ng FSL bilang ingklusibo sa pamayanan.</td><td colspan="2">Pagdaraos ng mga online forum at talakayan hinggil sa kahalagahan ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima.</td></tr>
<tr><td>10–16 Agosto</td><td></td><td><ul><li>Pagbabása ng mga kuwentong pambata na nagbibigay paalala na pangalagaan ang kanilang katawan.</li></ul></td><td colspan="2"><ul><li>Timpalak sa pagsulat ng mga tula, kuwento o rap hinggil sa wikang pangkasarian.</li><li>Paglilista/Pananaliksik hinggil sa mga terminong pangkasarian.</li></ul></td></tr>
<tr><td>17–23 Agosto</td><td></td><td><ul><li>Pagbabasa ng mga kuwentong pambata hinggil sa Pangangalaga sa Katutubong Wika.</li></ul></td><td colspan="2"><ul><li>Pagsulat ng sanaysay hinggil sa Pangangalaga sa Katutubong Wika.</li><li>Pagsasaliksik at pagbabahagi hinggil sa mga katutubong Kaalaman bilang Pangangalaga sa Kalikasan.</li></ul></td></tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Pagsulat ng mga katutubong termino hinggil Kalikasan.<br>• Pagbabása ng mga kuwentong pambata hinggil sa Pangangalaga sa Kalikasan. | |
| **24–30 Agosto** | | • Pagbabása ng mga kuwentong pambata hinggil sa Kalayaan. | • Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag.<br>• Paglikha ng awit hinggil sa paksa na Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag.<br>• Online forum/Seminar hinggil sa Malayang Pamamahayag.<br>. |


*Kalakip Blg. 02*

**Mungkahing Gawain / Patimpalak**

- LikhaWento
- TahiRawan
- BidyoKasiya
- Muling Pagkukuwento
- Interpretatibong Pagbasa
- Sulat Bigkas ng Talumpati
- Dagliang Talumpati
- E-ispel Mo
- Dugtungang Pagkukuwento
- Sabayang Pagbigkas
- Deklamasyon
- Balagtasan
- Monologo
- Debate

Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON X – HILAGANG MINDANAO
Sangay ng Lungsod Ozamiz

# PAGLINANG SA FILIPINO AT KATUTUBONG WIKA: MAKASAYSAYAN SA PAGKAKAISA NG BANSA



# BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025